Opisina ng Taga Tasa-Taga Pagtala
**Carmen Chu**, Taga Tasa-Taga Pagtala

Assessor-Recorder
City and County of San Francisco

# PAGTITIPID NG BUWIS NG ARI-ARIAN: MGA PAGLIPAT SA PAMILYA

May 2015

**ALAM MO BA NA ANG may ari ng mga ari-arian sa California ay maaring iwasan ang bagong tasa para sa pangkaraniwang halaga kung ang ari-arian ay ililipat galing sa magulang, anak ,o lolo o lola? Maari lang tingnan sa ibaba ang karagdagang impormasyon.**



## Magulang- Mga anak na Paglipat

Magulang sa Anak o Anak sa Magulang na Paglipat: ipinasa ng mga botante sa California noong 1986, Proposition 58 ay nagpapahintulot na ilipat ang ari-arian sa pagitan ng magulang at anak (parehong paraan) ng walang bagong tasa kung ang tiyak na kondisyon ay natutugunan.



**Prop 58**

### LISTAHAN NG MGA KARAPAT-DAPAT

**Karapat-dapat na Anak**

- Biolohikal na anak
- Anak ng Asawa
- Ampon na anak bago mag 18
- Manugang na lalaki o manugang na babae
- Asawa ng karapat-dapat na anak hanggang magdiborsiyo, o pagkakasal uli ng naiwang asawa kung ang kasal ay naputol ng kamatayan

**Karapat-dapat na Paglipat**

- Isang binili, isang minana, o inilipat sa pamamagitan ng ari arian na may namamahala

**Karapat-dapat na Ari-arian**

- Walang limitasyon ang halaga kung pangunahing tirahan ng tao(mga tao) na naglilipat ng pagmamay-ari
- Unang $1 million ng tinasang halaga ng ari-arian maliban sa pangunahing tirahan (tingnan ang FAQ Q3)

## Lolo o lola – Paglipat sa Apo

Lolo o lola sa Paglipat sa Apo: ipinasa ng mga botante ng California noong 1996, **Proposition 193** ay nagpapahintulot na ilipat ang ari-arian mula sa lolo o lola para sa apo(isang paraan) ng walang bagong tasa kung ang tiyak na kondisyon ay natutugunan.



**Prop 193**

### LISTAHAN NG MGA KARAPAT-DAPAT

**Karapat-dapat na Apo**

Anumang anak ng "Karapat-dapat na Anak" (naiwan)kung:

- Ang magulang ng apo ay namatay bago ng petsa ng paglipat

O

- Ang lolo o lola ay namatay na, at ang naiiwanang biyenan ay nagpakasal uli bago ang petsa ng paglipat

**Karapat-dapat na Paglipat**

- Isang binili, isang regalo, isang minana o inilipat sa pamamagitan ng ari-arian na may namamahala

**Karapat-dapat na Ari-arian**

- Walang limitasyon ang halaga kung pangunahing tirahan ng tao(mga tao) na naglilipat ng pagmamay-ari
- Unang $1 million ng tinasang halaga ng ari-arian maliban sa pangunahing tirahan(tingnan ang FAQ Q3)

## MGA MADALAS NA TANONG

**T1: PAPAANO AKO MAG-AAPLAY NG PROP 58 O PROP 193 DI-PAGSASAMA SA BAGONG TASA?**

**S1:** Idownload, tapusin at ibalik ang Pormularyo BOE-58-AH (Prop 58) at BOE-58-G(Prop 193) sa aming opisina. Ang mga pormularyo ay makikita sa aming website sfassessor.org. Maaari kang pumunta sa aming opisina sa City Hall Room 190 sa oras ng opisina (Lunes-Biyernes 8am hanggang 5pm

**T2: KUNG ANG ANAK KONG BABAE AY NAMATAY AT ANG AKING MANUGANG AY HINDI NAGPAKASAL ULI, ANG MGA APO KO BA AY KARAPAT-DAPAT SA PROP 193? PAPAANO KUNG TANUNGIN KO ANG AKING MANUGANG NA NA MAG-FILE NG PAGTATATUWA PARA GAMITIN NA BAGO MAMATAY?**

**A2:** Ang iyong manugang ay itinuturing pa rin na iyong "karapat-dapat na anak" kaya walang karapatan ang iyong mga apo na tumanggap ng benepisyo ng Prop 193. Ang pag file ang pagtatatuwa ay hindi nito mababago dahil ang Konstitusyon ng California ay nag uutos na ang "karapat-dapat" na anak ay namatay upang matupad ang hinihiling ng Prop 193. Pero, kung ang iyong manugang ay ikasal uli, hindi na siya tatawaging "karapat-dapat na anak" para sa Prop 193. Kung ganoon, ang iyong mga apo ay puwedeng maging karapat-dapat.Prop 193. Kung ganoon, ang iyong mga apo ay puwedeng maging karapat-dapat.

**T3: MAGBIBIGAY AKO NG MARAMING MGA ARI-ARIAN SA AKING MGA ANAK. MAAARI BA AKONG MAG DESISYON KUNG ALIN ANG MAKAKAKUHA NG HINDI KASAMA?**

**S3:** Tandaan, ang karapat-dapat na paglipat ng isang pangunahing tirahan ay maaaring hindi kasama na walang limitasyon ang halaga. Gayunman, ang ibang ari-arian ay maaring makakuha ng hindi kasama hanggat ang pinagsama-samang halaga ng tasa ng mga ari-arian ay hindi lampas sa $1 million kada isang nag lipat (katulad ng isang pares ng magulang o ang bawat isang naglipat ay maaaring maglipat ng $1million ng hindi pangunahing tirahan para sa pagsamahing hindi kasama na $2million) Ang hindi pagsama ay maaaring ibigay depende sa unang dumating na batayan.

## KAILAN MAG FILE NG PAGHAHABOL?

Para maging karapat-dapat sa pagbaba ng buwis na may bisa sa petsa ng paglipat, ang paghahabol ay kailangang i-file sa Taga-tasa:

- Sa loob ng 3 taon ng petsa ng paglipat
  O
- Bago ilipat sa pangatlong partido kung ang pagaari ay kulang sa tatlong taon

Ang mga aplikasyon na hindi ibinigay na tama sa panahon ay magiging mabisa sa umpisa ng taon ng tasa kung kalian young claim ay nai file

**Hindi Kasama:** Kung ang abiso ng karagdagan g tasa o koresiyon ng tasa ay ipinadala sa koreo pagkatapos ng dalawang huling araw o oras, ang nagbabayad ng buwis ay maaaring pa ring maging karapat-dapat sa tulong na may bisa sa nakaraan kung ang paghahabol ay pinayl sa loob ng 6 na buwan ng abiso.

*** Pagtatatuwa: Ang impormasyon nitong dokumento ay hindi ginawa para legal na pagpayuhan, pero ito ay dinesenyo para ipaalam sa publiko ang mga oportunidad ng pagbabawas ng buwis na naproseso ng Opisina ng Taga Tasa-Taga Pagtala. Kung mayroon pa kayong ibang tanong tungkol sa inyong personal na pananalapi, inererekomenda na kayo ay kumunsulta sa abogado o sertipikadong kontador.*